# Para sa tulong sa may kabatirang pahintulot

Operasyon sa COVID-19 na pagbabakuna

**Inihahanda ng bakuna ang depensa ng iyong katawan laban sa partikular na mga virus at bakterya.**

**Tinutulungan ng bakuna ang iyong immune system na epektibong labanan ang virus na nagdudulot ng COVID-19.**

## BAKIT DAPAT AKONG MAGPABAKUNA?

> Pumoprotekta ito laban sa COVID-19 at tutulong sa iyo na makaiwas sa pagkakasakit

> Kahit na maraming tao ang gumagaling nang hindi ginagamot, ang ilan ay maaaring mamatay dahil sa COVID-19 o makaranas ng mga problema sa puso o baga tulad ng pneumonia. Maaari ring maapektuhan ang nervous system

**Québec.ca/vaccinCOVID**

**1 877 644-4545**

## ANO ANG PINAKAMADALAS NA MGA SINTOMAS PAGKATAPOS MABAKUNAHAN?

Kirot sa bahaging tinurukan

Pagkahapo, sakit ng ulo, sakit sa kalamnan o kasukasuan at lagnat

Ito ay mahina hanggang sa katamtamang mga sintomas na karaniwang nawawala sa isang o dalawang araw. Maaari kang uminom ng gamot para sa lagnat o pananakit tulad ng acetaminophen o ibuprofen para mawala ito.

## MAYROON BANG MAS BIHIRANG MGA SINTOMAS?

Ang mga alerdyik na reaksiyon ay bihira at kung mangyari man ito, karaniwan itong lumalabas ilang minuto pagkatapos bakunahan habang sinusubaybayan pa ang mga tumanggap ng bakuna at gagamutin ito kaagad.

Sa pagdating ng mga buwan, hangga't hindi pa nababakunahan ang karamihan ng populasyon, mananatili ang COVID-19.

**Ituloy natin ang pagprotekta sa ating mga sarili!**

Manatiling nakadistansya

Takpan ang iyong mukha

Umubo sa iyong siko

Hugasan ang iyong mga kamay

20-279-23WFA

Votre gouvernement

Québec